American Cancer Society®

Every cancer. Every life.®

# Mga Itatanong Tungkol sa Iyong Cancer

Kung ipinaalam sa iyong may cancer ka, maaaring mayroon kang maraming katanungan. Ang iyong doktor o cancer care team ay ang pinakamainam na lugar para magsimulang itanong ang mga ito.

Narito ang ilan sa mga maaari mong itanong na makakatulong sa iyong maunawaan nang mas mabuti ang iyong cancer, paggamot, at mga side effect. Malamang na mayroon ka ring iba pang mga katanungan.

## Kapag ipinaalam sa iyong mayroon kang cancer

- ☐ Sa tingin mo, anong uri ng cancer ang mayroon ako?
- ☐ Bakit sa tingin mo ay mayroon akong cancer?
- ☐ Saan sa tingin mo nagsimula ang cancer sa aking katawan? Kumalat na ba ito sa iba pang mga bahagi ng katawan?
- ☐ Alam ba ninyo ang stage ng cancer? Ano ang ibig sabihin ng stage na iyon para sa akin?
- ☐ Kailangan ko ba ng iba pang mga pagsusuri?
- ☐ Sino ang magsasagawa ng mga pagsusuring ito? Kailan at saan gagawin ang mga ito? Sino ang makapagpapaliwanag ng mga ito sa akin?
- ☐ Paano at kailan ko makukuha ang mga resulta? Sino ang magpapaliwanag ng mga ito sa akin?
- ☐ Ano ang aking mga tsansa na makaligtas sa cancer?
- ☐ Maaari bang magsagawa ng biomarker o molecular na pagsusuri sa uri ng aking cancer?
- ☐ Dapat ko bang pag-isipan ang tungkol sa genetic counseling at pagsusuri para sa aking sarili o sa aking pamilya?

## Pagpapasya sa plano ng paggamot

- ☐ Ano ang aking mga mapagpipilian sa paggamot? Saan ko pa maaaring matutunan pa ang tungkol sa mga opsyon na ito?
- ☐ Anong paggamot ang iminumungkahi ninyo? Bakit?
- ☐ Ano ang layunin ng paggamot na ito? Sa tingin ba ninyo ay magagamot nito ang cancer?
- ☐ Anu-ano ang mga panganib ng paggamot na ito?
- ☐ Gaano kaaga ko kakailanganing masimulan ang paggamot?
- ☐ Ano ang mangyayari kung nagpasya akong hindi magpagamot sa ngayon?
- ☐ Gaano kalaki ang inyong karanasan sa ganitong uri ng cancer?
- ☐ Dapat ba akong kumuha ng pangalawang opinyon? Paano ko iyon gagawin?
- ☐ Kakailanganin ko ba ang operasyon (surgery)?
- ☐ Kung kailangan ko ng surgery, mangangailangan ba ako ng iba pang (mga) paggamot bago o pagkatapos ng surgery?
- ☐ Mayroon bang klinikal na pagsusubok na maaaring tama para sa akin?
- ☐ Magkakaroon ba ako ng mga anak pagkatapos ng paggamot? May mga bagay ba na maaaring isagawa upang maprotektahan ang aking kakahayang magkaroon ng mga anak sa hinaharap?

## Insurance at mga alalahanin sa pera

- ☐ Sino ang makakatulong sa akin na malaman kung ano ang saklaw ng aking insurance at kung ano mismo ang babayaran ko?
- ☐ Anong pinansyal na suporta ang makukuha ko upang makatulong sa pagbabayad ng kung ano ang hindi saklaw ng insurance o ng iba pang mga pang-araw-araw na pangangailangan?
- ☐ Ano ang maaari kong gawin kung wala akong health insurance?
- ☐ Ano ang maaari kong gawin kung hindi ko kayang bayaran ang mga paggamot na kailangan ko?
- ☐ Mayroon bang pinansyal na tagapayo o navigator para sa pasyente na makakausap ko?

## Paghahanda para sa paggamot

- ☐ Ano ang magiging hitsura ng aking paggamot? Gaano katagal ang aabutin ng aking paggamot?
- ☐ Saan ako pupunta para magpagamot? Sino ang magsasagawa ng aking mga paggamot?
- ☐ Makakapasok ba ako sa trabaho o paaralan, makakapaggugol ng panahon kasama ang aking pamilya, o magagawa ang aking mga pang-araw-araw na aktibidad sa panahon ng paggamot?

- ☐ Ano ang maaari kong gawin upang makapaghanda para sa paggamot?
- ☐ Maaari ba akong magmaneho upang pumunta sa paggamot, o kailangan ko bang magpahatid? Paano kung wala akong mahanap na masasakyan patungo sa paggamot?
- ☐ Mayroon ba akong magagawa upang makatulong na mas mapagana ang paggamot?
- ☐ Anong mga side effect ang maaaring magkaroon ako mula sa mga paggamot na ito?
- ☐ Kakailanganin ko bang gumawa ng anumang mga partikular na pag-iingat habang nagpapagamot ako?
- ☐ Maaari ba kayong magmungkahi ng propesyonal na kalusugan ng pag-iisip na maaari akong magpatingin kung nagsisimula akong makaramdam ng pagkabalisa, depresyon, o pagkabagabag?
- ☐ Mangangailangan ba ako ng tulong sa bahay? Kung gayon, sino ang makakatulong sa akin na malaman kung paano kumuha ng tulong na kakailanganin ko?

## Sa panahon ng paggamot

- ☐ Kailan ang pinakamabuting oras para tumawag kung mayroon akong tanong o problema? Gaano kabilis ko maaasahan na matawagan pabalik?
- ☐ Ano ang dapat kong gawin kung mayroon akong malubhang problema kapag sarado ang inyong tanggapan?
- ☐ Mangangailangan ba ako ng mga espesyal na pagsusuri, tulad ng mga imaging scan o pagsusuri ng dugo, at kung gayon, gaano kadalas?
- ☐ Kailangan ko bang baguhin ang kinakain ko sa panahon ng paggamot?
- ☐ Makakapag-ehersisyo ba ako sa panahon ng paggamot? Anong uri ng ehersisyo ang maaari kong gawin, at gaano kadalas?
- ☐ Paano naman ang mga bitamina o dyeta na sinasabi sa akin ng mga kaibigan ko? Paano ko malalaman kung ligtas ang mga ito?
- ☐ Paano namin malalaman na gumagana ang paggamot?
- ☐ Ano ang gagawin namin kung hindi gumagana ang paggamot?

## Kung nagkakaroon ka ng mga sintomas o side effect mula sa iyong cancer o paggamot

- ☐ Gaano katagal malamang na tumagal ang aking mga side effect?
- ☐ Sino ang makakatulong sa akin na makontrol ang aking mga sintomas at side effect?
- ☐ Ano ang maaari kong gawin upang makatulong sa pagkontrol ng aking mga sintomas at side effect?
- ☐ Anong mga sintomas o side effect ang dapat kong ipaalam sa aking cancer care team? Alin ang dapat kong ipaalam sa inyo agad?
- ☐ Kailan ko kailangang pumunta sa emergency room o tumawag sa 911?
- ☐ Kailan ko dapat tawagan ang aking cancer care team? Kailan ko dapat tawagan ang aking primary care provider?
- ☐ Makakatulong ba na makipagpulong ako sa isang palliative care team o doktor upang matulungan akong mapamahalaan ang aking mga sintomas at makayanan ang aking cancer?

## Kung pipiliin mong hindi magpagamot

- ☐ Anong uri ng follow-up ang kakailanganin ko? Patuloy ba akong makikipagpulong sa aking cancer care team o sa aking primary care provider lamang?
- ☐ Sino ang makakatulong sa akin na mapamahalaan ang aking mga sintomas at makayanan ang aking cancer?
- ☐ Makakatulong ba na makipagpulong ako sa isang palliative care team o doktor?
- ☐ Sino ang dapat kong tawagan tungkol sa anumang mga sintomas o side effect na mayroon ako? Kailan ko dapat tawagan ang aking cancer care team? Kailan ko dapat tawagan ang aking primary care provider?
- ☐ Sa tingin ninyo, gaano katagal ako mabubuhay? Mabuting opsyon ba para sa akin ang hospice?
- ☐ Anong mga pagsusuring screening ang dapat kong kunin para sa iba pang mga uri ng cancer? Kailan ko dapat kunin ang mga ito?

Para sa higit pang impormasyon at mga sagot, bisitahin ang website ng American Cancer Society sa **cancer.org** o tumawag sa amin sa **1-800-227-2345**. Narito kami kapag kailangan mo kami.

American Cancer Society®

cancer.org | 1.800.227.2345

©2024, American Cancer Society, Inc.
No. TAG082111 Rev. 12/24

BBB. ACCREDITED CHARITY
bbb.org/charity